De La Salle University - Dasmariñas

## ABSTRAK


Pamagat: Ipinanganak akong Hurnal: Konsepto sa Sarili ng mga Batang Hurnal at ang Relasyon Nito sa Kanilang Mithiin sa Buhay.

Mga Mananaliksik: Mailanie E. las Pinas
Joseph Azaraga
Mario Ken Palis Jr.

Pangalan ng Institusyon: Pamantasang De La Salle-Dasmarinas

Lokasyon: Dasmarinas, Cavite

PinagkunangPondo: Magulang Halaga: P 21,000.00

Nagsimula: Hunyo, 1998 Natapos: Enero, 1999

Layunin ng Pag-aaral:

Layunin ng Pag-aaral na ito ay ang makapagdulot ng isang mahalagang kontribusyon sa pangkalahatang kaalaman tungkol sa batang hurnal. Gayundin, sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Konsepto sa Sarili ng mga Batang Hurnal?
2. Ano ang antas ng Mithiin sa Buhay ng mga Batang Hurnal?
3. May Relasyon ba ang Konsepto sa Sarili ng mga Batang Hurnal sa kanilang Mithiin sa Buhay?

Saklaw at Delimitsyon:

Ang saklaw ng pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa mga batang hurnal sa Hacienda Torreda sa Brgy. Minaba. Negros Orriental. Labing-anim na batang hurnal ang pinagtuunan ng pansin, babae at lalaki at may gulang na 12 pataas. Ang limitasyon ng pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa konsepto sa sarili ng mga batang hurnal at sa kanilang mithiin sa buhay. Oral translation ang ginamit ng mga mananaliksik sa pagsasalin ng mga salitang Tagalog sa wikang Cebuano para sa pagsusulit ukol sa mithiin sa buhay.

Metodolohiya:

Ginamit ng mga mananaliksik ang disenyong paglalarawan at ang metodong korelasyonal upang makita ang relasyon ng dalawang magkaibang baryabol. Ginamit din ang survey method at ang Iskala ng mananaliksik at Iskala ng Mananaliksik at Kalahok. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng labing-anim na kalahok dahil sila lamang ang maaaring kumuha ng pagsusulit ukol sa konsepto sa sarili. Ang mga napiling kalahok ay pawang mga taga-Brgy. Minaba, Bayawan, Negros Orriental at nasa gulang 12 pataas.

Sa pag-alam ng konsepto sa sarili ay nagbigay ang mga mananaliksik ng Pasao Self- Concept Rating Scale at mga katanungan hingil sa Mithiin sa Buhay para naman sa pag-alam ng mithiin ng mga bata.

**Samantalang sa pagsusuri ng datos, gumamit ang mga mananaliksik ng Arithmetic Mean, Percentile Rank, Pearsons r at Teorya ng Pagsasalin.**

**Pangunahing Natuklasan:**

**Natuklasang may mababang konsepto sa sarili ang mga batang hurnal. Samantalang ang Not Me mula sa mean score na 3. 395 ang salik na higit na nakaiimpluwensya sa konsepto sa sarili ng mga batang hurnal at ang Family Relation mula sa mean score na 2. 90 ang salik na di gaanong nakaiimpluwensya.**

**Natuklasan naman na may mataas na mithiin sa buhay batay sa nakuhang mean score na 142. 37 mula sa pagsusulit ukol sa Mithiin sa Buhay.**

**Natuklasan ding may positibo at mataas na relasyon ang konsepto sa sarili ng mga batang hurnal at mithiin nila sa buhay dahil sa 80% mula sa sampung salik ng Self-Concept Rating Scale ni Myrna M. Pasao ang may Positive perfect correlation sa Mithiin sa Buhay ng mga batang hurnal.**

**Konklusyon;**

1. **May mababang konsepto sa sarili ang mga batang hurnal at ang salik na Not Me ay ang salik na higit na nakaiimpluwensya sa konsepto sa sarili ng mga batang hurnal. Samantalang ang Family Relation naman ay ang salik na di gaanong nakaiimpluwensya.**

2. May mataas na mithiin sa buhay ang mga batang hurnal.
3. May mataas at positibong relasyon ang konsepto sa sarili ng mga batang hurnla at ang kanilang mga mithiin sa buhay.

Rekomendasyon:

1. Magsilbing gabay para sa mga social workers na may programa para sa mga batang manggagawa. Ito'y upang matulungan ang mga batang nasa liblib na lugar na madiskubre ang kanilang mga talento na magiging sandata sa paghubog ng isang produktibong indibidwal.
2. Para sa mga magulang ang pag-aaral na ito ay magiging gabay upang magkaroon ng kaalaman hinggil sa konsepto ng mga bata gayundin sa mithiin nila sa buhay.
3. Para sa mga batang maagang namulat sa pagtatrabaho bunga ng kahirapan, nawa'y maging gabay ito upang maunawaan nila na hindi hadlang ang kahirapan upang mawalan sila ng pag-asa sa pagkakamit ng mithiin sa buhay.
4. Inirerekomenda ng mga mananaliksik ang pagsasagawa ng replikasyon ng tesis na ito ngunit sa mas malaking sakop ng pag-aaral upang higit na magkaroon ng matibay na batayan ang papel na ito. Kinakailangan din ang mga pagsusulit na ibibigay ay akma sa mga bata.